Sindaw Journal
2026, Tomo 1, Bilang 1
e-ISSN: 3155-6515 | p-ISSN: 3155-6507

ORIHINAL NA ARTIKULO

# Danas at Lakas ng Kababaihan sa mga Piling Sanaysay: Isang Pagpapahalaga

*Women's Experiences and Resilience in Selected Essays: An Appreciation*

Norhanie S. Ibrahim[1], Almayrah A. Tiburon[2]
[12]Mindanao State University-Main Campus
*Korespondensiyang awtor: ibrahim.ns474@s.msumain.edu.ph

*Natanggap: Hunyo 20, 2026* | *Nirebisa: Hulyo 15, 2026* | *Tinanggap: Hulyo 18, 2026* | *Inilathala: Hulyo 31, 2026*

**Abstrak (Filipino)**

Sinuri sa pag-aaral na ito ang danas at lakas ng kababaihan na masasalamin sa sampung piling sanaysay mula sa mga antolohiyang Danas: Mga Pag-aakda ng Babae Ngayon, Laoanen 1: Kababaihan, Digmaan, Kapayapaan, at Lawanen 2: Mga Alaala ng Pagkubkob, Mga Haraya ng Pag-igpaw. Nilalayon nitong tukuyin ang mga pangunahing danas ng kababaihan, ang kanilang mga paraan ng pagtugon sa mga hamon ng buhay, at kung paano binabago ng mga karanasang ito ang konsepto ng kababaihan sa lipunang Pilipino. Ginamit sa pag-aaral ang deskriptibo-kwalitatibong disenyo at pagsusuring pangnilalaman. Inilapat ang Sosyalistang Feminismo upang mailantad ang mga anyo ng opresyong nakaugat sa patriyarkiya at kalagayang sosyo-ekonomiko, habang ginamit ang *Stimulus-Response Framework* nina Watson at Skinner upang maipaliwanag ang mga tugon at katatagan ng kababaihan sa gitna ng mga pagsubok. Lumitaw sa pagsusuri na ang mga kababaihan sa mga sanaysay ay nakaranas ng iba't ibang anyo ng kahirapan, diskriminasyon, sekswal na pang-aabuso, digmaan, sapilitang paglikas, at marginalisasyon. Gayunman, ipinakita rin ng mga akda ang kanilang kakayahang lumaban, magpahayag, magsulat, maghanapbuhay, magtaguyod ng pamilya, at manindigan para sa kanilang karapatan at dignidad. Ipinakikita ng pag-aaral na ang kababaihan ay hindi lamang mga biktima ng mga umiiral na suliraning panlipunan kundi mga aktibong ahente ng pagbabago. Sa pamamagitan ng kanilang mga salaysay, nabubuo ang mas malalim na pag-unawa sa kababaihan bilang mahalagang puwersa ng katatagan, pagbangon, at panlipunang transpormasyon.

*Susing-salita:* Kababaihan, Danas, Lakas, Sosyalistang Feminismo, Panitikang Kababaihan

**Abstract (English)**

This study examines the experiences and resilience of women as reflected in ten selected essays from the anthologies Danas: Mga Pag-aakda ng Babae Ngayon, Laoanen 1: Kababaihan, Digmaan, Kapayapaan, and Lawanen 2: Mga Alaala ng Pagkubkob, Mga Haraya ng Pag-igpaw. It aims to identify the dominant experiences of women, explore their responses to life's challenges, and examine how these experiences reshape the concept of womanhood within Philippine society. The study employs a descriptive-qualitative research design using content analysis. Socialist Feminism serves as the primary theoretical framework to reveal forms of oppression rooted in patriarchy and socio-economic inequality, while the Stimulus–Response Framework of Watson and Skinner is used to explain women's responses and resilience amid adversity. The findings reveal that the women portrayed in the essays experienced various forms of hardship, including poverty, discrimination, sexual abuse, armed conflict, forced displacement, and marginalization. Despite these challenges, the essays highlight their capacity to resist oppression, express their voices through writing, earn a livelihood, support their families, and uphold their rights and dignity. The study demonstrates that women should not be viewed merely as victims of persistent social inequalities but as active agents of change. Through their narratives, the essays foster a deeper understanding of women as enduring sources of resilience, empowerment, recovery, and social transformation within the Philippine context.

*Keywords:* Women, Women's Experience, Resilience, Socialist Feminism, Women's Literature

Pagsipi (To cite):
Ibrahim, N. & Tiburon, A. (2026). Danas at Lakas ng Kababaihan sa mga Piling Sanaysay: Isang Pagpapahalaga. *Sindaw Journal, 1(1), 69-78.* https://doi.org/10.5281/zenodo.22063730

© 2026 (Mga) Awtor. Inilathala ng Departamento ng Filipino at Iba Pang Wika
CSSH, Mindanao State University-Main Campus, Marawi City, 9700, Philippines
Website: https://sindawjournal.org email: sindawjournal@msumain.edu.ph
Ang artikulong ito ay bukas ang pag-akses sa pamamagitan ng CC BY license

## 1. Introduksyon

Sa mahabang panahon, ang kababaihan ay nakaranas ng iba't ibang anyo ng diskriminasyon, marginalisasyon, at opresyon sa loob at labas ng tahanan. Bagaman kinikilala ang kanilang mahalagang ambag sa pamilya at lipunan, nananatili silang kabilang sa mga sektor na madalas na nakararanas ng hindi pagkakapantay-pantay. Sa larangan ng panitikan, nagsisilbing mahalagang daluyan ang mga akda ng kababaihan upang maitala at maipahayag ang kanilang estado mula sa mga danas, pakikibaka, at tagumpay na nangyari sa kanila (Pandapatan, 2025) .

Sa konteksto ng Pilipinas, higit na naging makabuluhan ang panitikang kababaihan sa pagtalakay ng mga usaping may kaugnayan sa kahirapan, digmaan, diskriminasyon, at karahasang nakabatay sa kasarian. Sa pamamagitan ng mga sanaysay, naipahahayag ng kababaihan ang kanilang mga karanasan at paraan ng pagharap sa mga hamon ng buhay. Gayunman, nananatiling limitado ang mga pag-aaral na nakatuon sa pagsusuri ng ugnayan ng danas at lakas ng kababaihan sa mga akdang nakasulat mismo ng kababaihan.

Ang pag-aaral ay nakabatay sa Sosyalistang Feminismo, na nagpapaliwanag na ang kalagayan ng kababaihan ay hindi lamang bunga ng patriyarkiya kundi maging ng mga istrukturang panlipunan at pang-ekonomiya na nagdudulot ng iba't ibang anyo ng opresyon.

Bagama't may mga pag-aaral na tumalakay sa representasyon ng kababaihan sa panitikan, nananatiling limitado ang mga pagsusuring sabayang tumitingin sa kanilang mga danas at paraan ng pagtugon sa gitna ng mga panlipunang suliranin gamit ang mga batayang teoretikal. Sa pag-aaral na ito, mauunawaan ang ugnayan ng kasarian, kapangyarihan, at mga istrukturang panlipunang humuhubog sa karanasan ng kababaihan. Maipaliwanag kung paano nagkakaroon ng iba't ibang tugon ang mga kababaihan sa kanilang mga naranasang pagsubok at kung paano nahuhubog ang kanilang mga pagpapasya at pagkilos. Sa gayon, layunin ng pag-aaral na (1) tukuyin ang mga danas ng kababaihan na masasalamin sa mga piling sanaysay, (2) suriin ang kanilang mga paraan ng pagtugon sa mga naranasang danas, at (3) ipaliwanag ang kabuluhan ng mga natuklasan sa pag-unawa sa kalagayan ng kababaihan sa lipunang Pilipino at sa larangan ng panitikang Filipino.

Sa panimulang bahagi ng pag-aaral, binigyang-diin na nananatiling limitado ang mga pagsusuring sabayang tumitingin sa mga danas at pagtugon ng kababaihan gamit ang mga lente ng Sosyalistang Feminismo at *Stimulus-Response Theory*. Tinatangkang tugunan ng pag-aaral na ito ang nasabing puwang sa pamamagitan ng sistematikong pagsusuri sa sampung piling sanaysay ng kababaihan kung saan naipakita ang ugnayan ng kanilang mga karanasang panlipunan at ng mga estratehiya ng pagharap sa iba't ibang anyo ng pagsubok. Higit pa rito, lumitaw sa pagsusuri na ang mga sanaysay ay hindi lamang naglalarawan ng realidad kundi aktibong nire-rekonstruksiyon ang konsepto ng kababaihan bilang mga lider, tagapag-ingat ng kultura, tagapagtanggol ng pamilya at komunidad, intelektuwal, at tagapagtaguyod ng kapayapaan.

Sa gayon, ang pag-aaral ay nagdaragdag sa umiiral na korpus ng pananaliksik sa panitikang Filipino sa pamamagitan ng paglalatag ng isang integratibong pagbasa na nagsasanib ng pagsusuring pampanitikan, pag-aaral sa kasarian, at pag-aaral sa kultura. Nagbibigay rin ito ng batayan para sa mga susunod na pananaliksik na maaaring magsuri sa iba pang genre ng panitikan, iba pang etnolingguwistikong grupo, o iba pang teoretikal na lente upang higit pang mapalawak ang pag-unawa sa representasyon ng kababaihan sa panitikang Filipino.

## 2. Metodo

Ginamit sa pag-aaral ang deskriptibo-kwalitatibong disenyo sa pamamagitan ng pagsusuring pangnilalaman. Binubuo ang korpus ng sampung piling sanaysay: 1. Inggit ni Marie Joy Beltran, 2. Manunulat ni Leticia Cantal - Pagkalinawan, 3. Dibuhong pangarap ni Brenda Subido-Dacpano, 4. Ang mga Anak Ko at Marawi ni Fatima Sajanee Abbas Tiburon, 5. Boarding House

CC BY

ni Princess Jane S. Paquira, 6. Babae, sa Panahon ng Digma ni Cristine Valerio, 7. Sa Puso ng Babaeng Meranaw sa Marawi ni Almayrah A. Tiburon, 8. Sa Piling ng Mag-asawang Meranaw ni Elmiejane Pastolero, 9. Ilang Tanong ni Dalumabi Lao Bula, at 10. Paglikas ni Monaimah Gubat Manabilang, mula sa mga antolohiyang Danas: Mga Pag-aakda ng Babae Ngayon, Laoanen 1: Kababaihan, Digmaan, Kapayapaan, at Lawanen 2: Mga Alaala ng Pagkubkob, Mga Haraya ng Pag-igpaw.

Isinagawa ang *close reading* at paulit-ulit na pagbasa sa mga teksto upang matukoy ang mga pahayag na may kaugnayan sa danas at lakas ng kababaihan (Pandapatan, 2025). Ang mga datos ay inuri sa mga temang lumitaw mula sa mga akda. Sa pagsusuri, ginamit ang Sosyalistang Feminismo upang mailarawan ang mga anyo ng opresyon at hindi pagkakapantay-pantay na nararanasan ng kababaihan. Samantala, ginamit ang *Stimulus-Response Framework* nina Watson at Skinner upang maipaliwanag ang mga tugon ng kababaihan sa mga hamong kanilang kinaharap.

Upang matiyak ang sistematikong pagsusuri, isinagawa ang *coding* ng mahahalagang pahayag ayon sa mga umuusbong na tema. Ang bawat sanaysay ay binasa nang maraming ulit upang matukoy ang mga bahaging nagpapakita ng danas, paraan ng pagtugon, at rekonstruksiyon ng konsepto ng kababaihan. Matapos nito, pinagsama-sama ang magkakatulad na pahayag at inuri sa mas malalawak na kategorya batay sa pagkakatulad ng kahulugan. Ang interpretasyon ng mga temang ito ay isinagawa sa pamamagitan ng masusing pag-uugnay sa Sosyalistang Feminismo at *Stimulus-Response Theory* upang maiwasan ang paglilihis sa konteksto ng mga akda. Ang prosesong ito ay nagbigay-daan sa isang mas organisado at mapanuring pagbasa sa kabuuan ng korpus.

Sa interpretasyon ng mga datos, ginamit ang Sosyalistang Feminismo bilang pangunahing lente sa pagsusuri ng mga karanasan ng kababaihan, samantalang ang *Stimulus-Response Theory* ang nagsilbing batayan sa pagsusuri ng kanilang mga tugon at mekanismo ng pagharap sa mga hamon ng buhay.

Bagama't nagbigay ang pag-aaral na ito ng masusing pagsusuri sa mga danas at pagtugon ng kababaihan sa sampung piling sanaysay, kinikilala nitong may ilang limitasyon ang saklaw nito. Una, nakatuon lamang ang pagsusuri sa sampung piling sanaysay kaya hindi nito kinakatawan ang kabuuang karanasan ng lahat ng kababaihan. Ikalawa, nakasentro ang pag-aaral sa tekstuwal na pagsusuri gamit ang Sosyalistang Feminismo at *Stimulus-Response Theory*; hindi na nito sinaklaw ang empirikal na pagkalap ng pananaw ng mga may-akda o mambabasa. Ikatlo, ang interpretasyon ng mga danas at pagtugon ay nakabatay sa nilalaman ng mga akda at sa ginamit na mga lente ng pagsusuri, kaya maaaring magbunga ng iba pang pagbasa kung ibang teoretikal na balangkas ang gagamitin. Sa kabila ng mga limitasyong ito, nananatiling mahalaga ang pag-aaral sa pagbubukas ng mas malalim na pag-unawa sa representasyon ng kababaihan sa kontemporanyong panitikang Filipino.

## 3. Resulta at Diskusyon

### Mga Danas ng Kababaihan sa mga Piling Sanaysay

Lumitaw sa pagsusuri ng sampung piling sanaysay na ang kababaihan ay dumaranas ng magkakaugnay na anyo ng kahirapan at pagsubok na nagmumula sa digmaan, sapilitang paglikas, kahirapan, diskriminasyon, at hindi pantay na kalagayang panlipunan. Bagama't magkakaiba ang konteksto ng bawat akda, malinaw na umiikot ang kanilang mga karanasan sa pagharap sa trauma, pagkawala ng tahanan at kabuhayan, pagiging ina sa panahon ng krisis, pangangalaga sa pamilya, at pagpapanatili ng kanilang kultural na identidad bilang mga Meranaw. Ang mga danas na ito ay hindi lamang personal na karanasan ng mga pangunahing tauhan kundi nagsisilbing representasyon ng kolektibong karanasan ng maraming kababaihang Pilipino, lalo na yaong nabubuhay sa mga komunidad na apektado ng armadong tunggalian.

CC BY

Isa sa pinakamatinding temang lumitaw ay ang trauma ng digmaan. Sa mga sanaysay na Sa Puso ng Babaeng Meranaw sa Marawi, Paglikas, BABAE, Sa Panahon ng Digma, Boarding House, at Sa Piling ng Mag-asawang Meranaw, inilalarawan ang walang humpay na pambobomba, putukan, sapilitang paglikas, at pagkawala ng tahanan bilang pangunahing sanhi ng pangmatagalang takot at pangamba ng kababaihan. Hindi lamang pisikal na panganib ang kanilang naranasan kundi maging ang emosyonal na pasanin ng pag-aalala sa kaligtasan ng pamilya, pagkawala ng kabuhayan, at kawalan ng katiyakan sa kinabukasan. Sa ganitong kalagayan, ang digmaan ay nagiging higit pa sa isang pangyayaring militar; ito ay nagiging karanasang humuhubog sa pagkatao at identidad ng kababaihan.

Sa lente ng Sosyalistang Feminismo, ang mga karanasang ito ay hindi maituturing na simpleng personal na trahedya. Ang mga ito ay bunga ng mga umiiral na istrukturang panlipunan at pampolitika na higit na nagpapabigat sa kalagayan ng kababaihan. Sa panahon ng kaguluhan, sila ang pangunahing nag-aalaga sa pamilya, naghahanap ng pagkain, nagpoprotekta sa mga anak, at nagpapanatili ng katatagan ng tahanan sa kabila ng pagkawala ng halos lahat ng materyal na pag-aari. Dahil dito, lumilitaw na ang epekto ng digmaan ay hindi pantay na nararanasan ng kababaihan at kalalakihan. Ang kababaihan ay nakararanas ng dobleng pasanin bilang biktima ng armadong tunggalian at bilang pangunahing tagapagtaguyod ng pang-araw-araw na buhay ng pamilya. Pinatutunayan nito ang pananaw nina Eisenstein (1979) at Hartmann (1979) na ang mga krisis panlipunan ay higit na nagpapalalim sa umiiral na hindi pagkakapantay-pantay ng kasarian.

Bukod sa trauma ng digmaan, malakas ding lumitaw ang danas ng marginalisasyon. Sa ilang sanaysay, ipinakikita ang kawalan ng boses ng kababaihan sa mga usaping may kinalaman sa digmaan at rehabilitasyon. Madalas silang mailarawan bilang mga bakwit, biktima, o mga taong naghihintay lamang ng tulong mula sa pamahalaan. Gayunman, sa masusing pagbasa, makikitang ang mga may-akda ay tahasang humahamon sa ganitong representasyon. Sa halip na manatiling tahimik, ginagamit ng mga kababaihan ang kanilang tinig upang magtanong, manawagan ng hustisya, at magpahayag ng kanilang saloobin hinggil sa mga epekto ng digmaan. Dahil dito, ang kanilang mga sanaysay ay nagiging anyo ng panlipunang protesta at paglaban sa sistemang patuloy na nagtatakda sa kanila bilang mga tahimik na biktima.

Mahalaga ring tema ang pagiging ina bilang panlipunang responsibilidad. Sa mga sanaysay tulad ng Ang mga Anak Ko at Marawi, Paglikas, at Sa Puso ng Babaeng Meranaw sa Marawi, hindi lamang emosyonal na pagmamahal ang ipinakikita ng pagiging ina. Higit itong inilalarawan bilang isang mabigat na pananagutang moral at panlipunan. Ang pagnanais na maipagpatuloy ang edukasyon ng mga anak, mapanatili ang kanilang kulturang Meranaw, at maprotektahan sila laban sa panganib ay nagpapakita na ang pagiging ina ay nagiging pangunahing mekanismo ng pagpapanatili ng identidad ng komunidad. Sa ganitong pananaw, ang kababaihan ang nagiging tagapag-ingat ng kolektibong alaala at tagapagmana ng kulturang nais ipasa sa susunod na salinlahi.

Lumitaw rin sa pagsusuri ang kahirapan at pagkawala ng kabuhayan bilang mahalagang danas. Ang pagkawala ng bahay, negosyo, at mga pinagkukunan ng ikabubuhay ay nagdulot ng matinding kawalang-katiyakan sa kinabukasan ng mga pamilya. Gayunpaman, hindi inilalarawan ng mga sanaysay ang kababaihan bilang mga taong lubusang umaasa sa iba. Sa halip, ipinakikita silang gumagawa ng iba't ibang paraan upang maitawid ang kanilang pamilya sa gitna ng krisis. Ang ganitong paglalarawan ay muling humahamon sa tradisyunal na pananaw na ang lalaki lamang ang pangunahing tagapagtaguyod ng kabuhayan ng pamilya.

Isa pang mahalagang natuklasan ng pag-aaral ay ang danas ng pagsusulat bilang anyo ng paglaya. Sa ilang sanaysay, ang mismong pagsasalaysay ng karanasan ay nagsisilbing mekanismo ng pagharap sa trauma. Ang pagsulat ay hindi lamang dokumentasyon ng personal na alaala

CC BY

kundi isang paraan ng pagbawi sa sariling boses at paggiit ng sariling naratibo laban sa mga dominanteng diskurso hinggil sa digmaan. Sa ganitong paraan, ang panitikan ay nagiging espasyo ng pagpapalaya, paghilom, at paglikha ng alternatibong kasaysayan mula sa perspektiba ng kababaihan.

Ang mga natuklasang ito ay umaayon sa mga pag-aaral nina hooks (2000) at Mohanty (2003) na nagsasabing ang mga salaysay ng kababaihan ay hindi lamang simpleng awtobiograpiya kundi mga tekstong naglalantad ng mas malawak na istrukturang panlipunang nakaaapekto sa kanilang buhay. Sa konteksto ng mga Meranaw, ang kanilang mga sanaysay ay nagiging mahalagang dokumentasyon ng kolektibong alaala ng digmaan at kasabay nito ay nagiging daluyan ng paggiit ng kanilang identidad bilang kababaihan at bilang kasapi ng isang komunidad na patuloy na bumabangon.

Mababanaag sa mga natuklasan na ang mga danas ng kababaihan sa mga piling sanaysay ay hindi lamang umiikot sa personal na pagdurusa kundi sumasalamin sa mas malalim na realidad ng hindi pagkakapantay-pantay, armadong tunggalian, at marginalisasyon. Gayunpaman, sa halip na manatiling simbolo ng kahinaan, ang kababaihan ay lumilitaw bilang mga pangunahing tagapag-ingat ng pamilya, kultura, at kolektibong alaala ng kanilang pamayanan. Dahil dito, ang kanilang mga danas ay nagsisilbing mahalagang batayan sa muling pag-unawa sa papel ng kababaihan sa panitikang Filipino at sa kontemporanyong lipunang Pilipino.

**Mga Pagtugon ng Kababaihan sa Kanilang mga Danas**

Matapos mailantad ang iba't ibang danas ng kababaihan, sinuri rin ng pag-aaral ang kanilang mga paraan ng pagtugon sa mga hamon ng buhay. Lumitaw sa pagsusuri na ang kanilang mga tugon ay hindi lamang nakatuon sa pansariling kaligtasan kundi maging sa pangangalaga sa pamilya, pagpapanatili ng kultura, pagtatanggol sa dignidad, at pagbubuo ng pag-asa sa gitna ng krisis. Ipinakikita ng mga sanaysay na ang kababaihan ay may kakayahang makabuo ng makabuluhang tugon sa kabila ng matitinding karanasang kanilang pinagdaanan.

Isa sa pinakamatibay na tugon na lumitaw ay ang pananalig sa Diyos. Sa sanaysay na Sa Puso ng Babaeng Meranaw sa Marawi, ang paulit-ulit na pagbigkas ng *Lailahaillallah* habang dumaraan sa gitna ng putukan ay nagsisilbing simbolo ng ispirituwal na katatagan. Hindi lamang ito simpleng ritwal ng pananampalataya kundi isang mekanismo ng pagharap sa matinding takot at kawalang-katiyakan. Maging sa huling bahagi ng sanaysay, ipinahayag ng may-akda ang matatag na paniniwalang mananaig ang kabutihan at kapayapaan sa kabila ng karahasang nararanasan. Sa perspektiba ng *Stimulus-Response Theory*, ang matinding panganib (stimulus) ay nagbunsod ng pananalig at panalangin (response) bilang paraan ng pagpapanatili ng emosyonal na katatagan. Ipinakikita nito na ang pagtugon ng kababaihan ay hindi impulsibo kundi nakaugat sa kanilang relihiyon at kultural na paniniwala.

Lumitaw rin ang lakas ng loob at katatagan bilang pangunahing tugon ng kababaihan. Sa Paglikas, Boarding House, at BABAE, Sa Panahon ng Digma, ang mga pangunahing tauhan ay nagpamalas ng kahandaang harapin ang panganib alang-alang sa kanilang pamilya. Sa halip na manaig ang takot, pinili nilang kumilos, magpasya, at humanap ng paraan upang mailigtas ang kanilang mga mahal sa buhay. Ang ganitong tugon ay nagpapakita na ang katapangan ay hindi lamang pisikal na kakayahan kundi isang moral na desisyong bunga ng pagmamahal at pananagutan.

Mahalaga ring natukoy ang pagpapanatili ng kulturang Meranaw bilang isang anyo ng pagtugon. Sa sanaysay na Ang mga Anak Ko at Marawi, ipinakita ng may-akda na ang pagpapatuloy ng pag-aaral ng kaniyang mga anak sa Marawi ay hindi lamang usapin ng edukasyon kundi isang paraan ng pagpapanatili ng kanilang identidad bilang Meranaw. Sa kabila ng panganib, pinili niyang pangalagaan ang kanilang kultura at tradisyon. Sa ganitong pananaw, ang

CC BY

edukasyon ay nagiging anyo ng paglaban sa unti-unting pagkawala ng kolektibong identidad dulot ng digmaan at sapilitang paglikas.

Isa pang mahalagang tugon ang pagkakaisa at bayanihan. Sa ilang sanaysay, inilalarawan ang mga ordinaryong mamamayan na kusang nagbibigay ng pagkain, tubig, pansamantalang tirahan, at iba pang pangangailangan ng mga bakwit. Ang ganitong pagkilos ay sumasalamin sa tradisyunal na pagpapahalagang Meranaw ng *maratabat*, malasakit, at kolektibong pananagutan sa komunidad. Hindi lamang mga institusyon ang nagiging sandigan ng kababaihan kundi maging ang kanilang sariling pamayanan. Dahil dito, ang pagbangon ay nagiging kolektibong proseso sa halip na indibidwal na pagsisikap lamang.

Lumitaw rin ang pagsasalita at pagsusulat bilang anyo ng paglaban. Ang mga sanaysay mismo ay nagsisilbing manipestasyon ng pagtanggi ng kababaihan na manatiling tahimik sa harap ng karahasan at kawalang-katarungan. Sa pamamagitan ng kanilang mga salaysay, nailalantad ang mga karanasang hindi madalas naitatala sa opisyal na kasaysayan. Ang pagsusulat ay nagiging instrumento ng paggiit ng kanilang karapatan, paghingi ng pananagutan, at pagbawi sa kanilang sariling naratibo. Sa ganitong paraan, ang panitikan ay nagiging daluyan ng panlipunang pakikilahok at hindi lamang malikhaing pagpapahayag.

Mula sa lente ng Sosyalistang Feminismo, ang mga tugong ito ay nagpapakita ng aktibong paghamon ng kababaihan sa mga umiiral na istrukturang naglilimita sa kanilang papel sa lipunan. Sa halip na manatiling pasibong biktima ng digmaan, lumilitaw silang mga tagapagpasya, tagapagtaguyod ng pamilya, tagapangalaga ng kultura, at tagapagpanatili ng pag-asa. Ang kanilang mga kilos ay nagpapakita na ang kapangyarihan ng kababaihan ay hindi lamang nasusukat sa pampolitikang posisyon kundi sa kanilang kakayahang magpanatili ng buhay, dignidad, at pagkakaisa sa gitna ng matinding krisis. Ang ganitong pananaw ay umaayon sa argumento ni Hooks (2000) na ang tunay na pagpapalaya ng kababaihan ay makikita sa kanilang kakayahang baguhin ang mga kondisyong panlipunang naglilimita sa kanilang pagkilos.

Kaayon din ng mga natuklasan ang mga pag-aaral nina Tedeschi at Calhoun (2004), na nagpakilala sa konsepto ng *post-traumatic growth*, kung saan ang mga taong dumaranas ng matinding krisis ay nagkakaroon ng mas malalim na pagpapahalaga sa buhay, mas matatag na ugnayan sa pamilya, at higit na malinaw na layunin sa pamumuhay. Bagama't hindi tuwirang ginagamit ng pag-aaral ang teoryang ito bilang pangunahing lente, makikitang ang kababaihan sa mga sanaysay ay nagkaroon ng bagong pananaw hinggil sa kanilang sarili bilang mga ina, lider, tagapag-alaga, at tagapagtanggol ng kanilang komunidad.

Samakatuwid, ipinakikita ng mga natuklasan na ang mga pagtugon ng kababaihan ay hindi lamang reaksyon sa kanilang mga danas kundi mga sinasadyang estratehiya ng pagharap sa krisis. Ang kanilang pananalig sa Diyos, katatagan ng loob, pagpapanatili ng kultura, pagkakaisa sa komunidad, at paggamit ng panulat bilang boses ng paglaban ay nagpapatunay na ang kababaihan ay may mahalagang papel sa paghubog ng katatagan ng pamilya at lipunan. Dahil dito, ang mga sanaysay ay hindi lamang salaysay ng pagdurusa kundi mga naratibo ng pagbangon, pag-asa, at patuloy na pakikibaka para sa dignidad at katarungan.

**Rekonstruksiyon ng Konsepto ng Kababaihan**

Isa sa pinakamahalagang ambag ng pag-aaral ay ang pagpapakita na ang sampung piling sanaysay ay hindi lamang nagsasalaysay ng mga karanasan ng kababaihan kundi aktibong nire-rekonstruksiyon ang tradisyunal na konsepto ng pagkababae sa lipunang Pilipino, lalo na sa konteksto ng kababaihang Meranaw. Mula sa pagsusuri, lumitaw ang limang pangunahing pagbabagong konseptwal na sama-samang bumubuo sa isang bagong pagtanaw sa kababaihan bilang mga aktibong tagapagpasya, tagapag-ingat ng kultura, tagapagtanggol ng pamilya at

CC BY

komunidad, intelektuwal na kalahok sa pampublikong diskurso, at arkitekto ng pagbangon sa panahon ng krisis.

***Kababaihan bilang Lider at Tagapagpasya***

Sa mga sanaysay na Inggit at Dibuhong Pangarap, malinaw na binabasag ang tradisyunal na pananaw na ang babae ay nakasandig lamang sa lalaki sa usaping pangkabuhayan at pamumuno. Sa Inggit, ang kababaihan ang nagpapatakbo ng kabuhayan ng pamilya, nagpapanatili ng ugnayan sa mga mamimili, at gumagawa ng mahahalagang pasyang pang-ekonomiya. Samantala, sa Dibuhong Pangarap, ang babae ay inilalarawan bilang lider-estudyante at pumapasok sa larangang dating itinuturing na para lamang sa kalalakihan. Ipinakikita ng dalawang sanaysay na ang kakayahan sa pamumuno ay hindi nakabatay sa kasarian kundi sa kakayahang magpasya, mag-organisa, at manguna. Mula sa lente ng Sosyalistang Feminismo, binibigyang-diin ng mga akdang ito ang pagkilala sa produktibong paggawa at intelektuwal na kakayahan ng kababaihan bilang mahalagang bahagi ng lipunan.

***Kababaihan bilang Tagapag-ingat ng Kultura at Identidad***

Sa Ang mga Anak Ko at Marawi, Sa Puso ng Babaeng Meranaw sa Marawi, at Sa Piling ng Mag-asawang Meranaw, lumitaw ang kababaihan bilang pangunahing tagapag-ingat ng kultura at kolektibong identidad ng mga Meranaw. Ang pagpapatuloy ng edukasyon ng mga anak sa Marawi sa kabila ng digmaan ay sumisimbolo sa pagpapanatili ng pamana at pagpapahalagang kultural. Gayundin, ang matatag na pananampalataya, pananalig sa Diyos, at pagpapanatili ng mga pagpapahalagang Meranaw sa gitna ng krisis ay nagpapakita na ang kababaihan ang nagsisilbing tulay sa pagpapatuloy ng tradisyon. Ang kanilang papel ay higit pa sa pagiging ina at asawa; sila ang nagiging tagapagmana at tagapagpasa ng kolektibong alaala at identidad ng kanilang pamayanan.

***Kababaihan bilang Tagapagtanggol ng Pamilya at Komunidad***

Sa Boarding House, Paglikas, at Sa Piling ng Mag-asawang Meranaw, binibigyang-diin ang kababaihan bilang aktibong tagapagtanggol ng buhay at dignidad ng kanilang pamilya. Ang kanilang katapangan ay hindi nasusukat sa paggamit ng armas kundi sa kakayahang gumawa ng mahahalagang desisyon sa panahon ng panganib, magsakripisyo para sa kapakanan ng pamilya, at manatiling matatag sa gitna ng kawalang-katiyakan. Sa Paglikas, ang pagiging ina ay hindi ipinakikita bilang simbolo ng kahinaan kundi ng pambihirang lakas ng loob, samantalang sa Boarding House, ang kababaihan ay inilalarawan bilang maparaan at handang harapin ang panganib upang maprotektahan ang kanyang mga mahal sa buhay. Binubuwag ng mga sanaysay na ito ang stereotype ng kababaihan bilang pasibong biktima at inilalantad silang pangunahing haligi ng katatagan ng pamilya.

***Kababaihan bilang Intelektuwal at Boses ng Lipunan***

Sa Manunulat at Ilang Tanong, ang panulat at pampublikong pakikilahok ay nagsisilbing pangunahing anyo ng paglaban. Sa Manunulat, ang babae ay nagiging konsensiya ng lipunan sa pamamagitan ng pagsusulat laban sa kawalang-katarungan. Samantala, sa Ilang Tanong, ang babae ay lumilitaw bilang boses ng mga bakwit at mga biktima ng digmaan sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga dayalogo at paghingi ng pananagutan sa mga institusyon ng pamahalaan. Ang dalawang sanaysay ay nagpapakita na ang kababaihan ay hindi lamang tagapagsalaysay ng kanilang karanasan kundi tagapaglikha rin ng pampublikong diskurso na humahamon sa umiiral na mga istrukturang mapaniil.

CC BY

***Kababaihan bilang Arkitekto ng Pagbangon at Kapayapaan***

Pinakamalinaw itong makikita sa BABAE at Sa Panahon ng Digma kung saan ang kababaihan ay hindi lamang nakaligtas sa digmaan kundi naging pangunahing puwersa sa muling pagbangon ng komunidad. Ang kanilang pag-aalaga sa pamilya, pagpapanatili ng pag-asa, at patuloy na paghahanap ng katarungan ay nagpapakita na ang tunay na kapayapaan ay hindi lamang kawalan ng putukan kundi pagkakaroon ng dignidad, seguridad, at hustisyang panlipunan. Sa ganitong pananaw, ang kababaihan ay nagiging arkitekto ng rekonstruksyon ng komunidad matapos ang armadong tunggalian.

Kung lalagumin, nakita sa sampung piling sanaysay na ang konsepto ng kababaihan ay dumaraan sa isang masining at ideolohikal na rekonstruksiyon. Hindi na sila inilalarawan bilang mahihinang nilalang na naghihintay ng pagliligtas, kundi bilang mga lider, tagapagpasya, tagapag-ingat ng kultura, tagapagtanggol ng pamilya, intelektuwal, at tagapagtaguyod ng kapayapaan. Ang mga pagbabagong ito ay nagpapakita na ang panitikan ay hindi lamang salamin ng lipunan kundi instrumento rin sa muling paghubog ng kamalayang pangkasarian. Sa pamamagitan ng mga sanaysay, ang kababaihang Meranaw ay naipakikilala bilang mga pangunahing tagapagbuo ng kasaysayan at hindi lamang mga tahimik na saksi rito. Ito ang pinakamahalagang ambag ng pag-aaral sapagkat nagmumungkahi ito ng isang alternatibong pag-unawa sa identidad ng kababaihan na nakaugat sa kanilang mga danas, pagtugon, at kakayahang baguhin ang kanilang sariling kalagayang panlipunan.

Ang mga natuklasan ng pag-aaral ay nagpapatunay na ang mga danas at pagtugon ng kababaihan ay hindi maaaring unawain bilang magkahiwalay na karanasan. Sa halip, ang mga ito ay magkakaugnay na proseso ng pagbuo ng bagong identidad sa gitna ng panlipunang krisis, armadong tunggalian, at umiiral na patriyarkal na istruktura. Ang mga karanasang inilalahad sa sampung piling sanaysay ay nagpapakita na ang kababaihan ay patuloy na lumilikha ng mga estratehiya upang mapanatili ang kanilang dignidad, pamilya, kultura, at pananampalataya sa kabila ng matitinding hamon ng kanilang lipunan.

Mula sa perspektiba ng Sosyalistang Feminismo, malinaw na ang iba't ibang anyo ng opresyon - kahirapan, digmaan, diskriminasyon, at hindi pagkakapantay-pantay sa kasarian ay hindi nagresulta sa ganap na pagpapatahimik sa kababaihan. Sa halip, ang mga ito ang nagsilbing puwersang nagtulak upang higit nilang maipakita ang kanilang kakayahan sa pamumuno, pagdedesisyon, at pakikilahok sa pampublikong buhay. Ang kanilang mga danas ay nagpatunay na ang kapangyarihan ng kababaihan ay hindi lamang makikita sa pormal na posisyon sa lipunan kundi sa kanilang kakayahang panatilihin ang buhay, kultura, at pag-asa ng komunidad.

Samantala, pinagtibay ng *Stimulus-Response Theory* na ang mga pagtugon ng kababaihan ay hindi simpleng emosyonal na reaksiyon sa mga pangyayari. Ang pananalig sa Diyos, pagsusulat, pakikipagkapuwa, pagpapanatili ng edukasyon ng mga anak, at matapang na pakikilahok sa pampublikong usapin ay mga sinasadyang tugong humuhubog sa kanilang katatagan bilang indibidwal at bilang bahagi ng kolektibong pamayanan. Dahil dito, ang pagtugon ay hindi lamang bunga ng personal na karanasan kundi isang malikhaing proseso ng pag-angkop at paglaban.

Mahalaga ring bigyang-diin na ang ugnayan ng danas at pagtugon ay nagpapakita ng dinamiko at patuloy na pagbabago ng identidad ng kababaihan. Sa bawat hamong kanilang kinakaharap, hindi lamang sila tumutugon upang mabuhay kundi muling binibigyang-kahulugan ang kanilang papel sa pamilya, pamayanan, at lipunan. Ipinakikita ng mga sanaysay na ang katatagan ay hindi likas na katangian lamang kundi isang kakayahang nahuhubog sa pamamagitan ng karanasan, pananampalataya, edukasyon, at pakikipag-ugnayan sa kapuwa. Sa ganitong diwa, ang kababaihan ay hindi lamang tumutugon sa mga umiiral na kondisyon ng lipunan kundi aktibong lumalahok sa pagbabago ng mga ito. Ang kanilang mga salaysay ay

CC BY

nagiging mahalagang batayan upang maunawaan na ang panitikan ay may kakayahang magbukas ng mga bagong pananaw hinggil sa kasarian, kapangyarihan, at kolektibong pagbangon.

Sa mas malawak na pananaw, ipinakikita ng pag-aaral na ang panitikang isinulat ng kababaihan ay mahalagang batis ng kaalamang panlipunan at pangkultura. Hindi lamang nito naitatala ang mga karanasan ng kababaihan sa panahon ng digmaan kundi naipakikita rin nito ang kanilang mahalagang papel sa paghubog ng kapayapaan, pagpapanatili ng identidad, at pagbabagong panlipunan. Samakatuwid, ang mga sanaysay ay hindi lamang maituturing na personal na salaysay kundi mga tekstong nag-aambag sa pagpapalawak ng diskurso sa panitikang Filipino, araling pambabae, at araling Mindanao. Sa ganitong diwa, ang pag-aaral ay nagmumungkahi ng isang bagong pagtingin sa kababaihan bilang mga pangunahing tagapaglikha ng kasaysayan, kultura, at kolektibong pagbangon ng kanilang pamayanan.

## 4. Konklusyon

Pinatutunayan ng pag-aaral na ang mga sanaysay ng kababaihan ay mahalagang lunan ng paglalantad ng mga karanasang madalas maisantabi sa dominanteng diskurso. Ang mga danas ng kahirapan, diskriminasyon, karahasan, at digmaan ay hindi lamang nagsisilbing tala ng kanilang pagdurusa kundi nagsisilbi ring batayan ng kanilang pagbangon at paglaban.

Higit sa lahat, ipinakikita ng pag-aaral na ang panitikan ay may mahalagang papel sa pagbubuo ng kolektibong kamalayan hinggil sa kalagayan ng kababaihan. Ang mga sanaysay ay nagsisilbing lunsaran ng pag-unawa sa mga karanasang hindi madaling makita sa mga opisyal na tala ng kasaysayan. Sa pamamagitan ng personal na naratibo, naipahahayag ang masalimuot na ugnayan ng digmaan, kultura, pananampalataya, at pagkababae. Dahil dito, higit na napagtitibay na ang panitikang isinulat ng kababaihan ay hindi lamang malikhaing pagpapahayag kundi isang makabuluhang anyo ng panlipunang paglahok at historikal na pag-aambag.

Ipinakikita ng mga sanaysay na ang kababaihan ay hindi lamang biktima ng umiiral na mga istrukturang panlipunan kundi mga ahente ng pagbabago na may kakayahang lumikha ng mga alternatibong naratibo ng pag-asa, katatagan, at katarungan. Sa ganitong pananaw, mahalagang kilalanin ang panitikang kababaihan bilang mahalagang ambag sa pag-unawa sa lipunang Pilipino at sa patuloy na pagsusulong ng pagkakapantay-pantay at katarungang panlipunan.

## 5. Reperensya

Abu-Lughod, L. (2013). Do Muslim women need saving? Harvard University Press. Academia.edu. (n.d.). Teoryang realism. Retrieved June 26, 2026, from https://www.academia.edu/

Alexander, J. C., Eyerman, R., Giesen, B., Smelser, N. J., & Sztompka, P. (2004). Cultural trauma and collective identity. University of California Press.

Barrios, J. (2012). Ang panitikan ng kababaihan. University of the Philippines Press.

Bautista, J. R. (2023). Militarisasyon at karapatang pantao: Ang danas ng mga sibilyan sa ilalim ng mga operasyong militar sa Pilipinas [Di-nalathalang Tesis].

Beltran, M. J. (n.d.). Inggit. In Danas: Mga pag-aakda ng babae ngayon.

Desales, M. A. (2025). Depiction of women's empowerment in the short fiction of Filipina writers. International Journal of Research and Innovation in Social Science.

Enloe, C. (2000). Maneuvers: The international politics of militarizing women's lives. University of California Press.

Gutoc, S. (2017). Ang paghahanap ng kapayapaan ng isang babae. Mindanao Peace Forum.

Herman, J. L. (1992). Trauma and recovery. Basic Books.

Hooks, B. (2000). Feminism is for everybody: Passionate politics. South End Press.

Hufana, R. (2009). Mga teoryang pampanitikan. Rex Book Store.

CC BY

Ibrahim, N. S. (n.d.). Mga piling sanaysay sa kababaihan, digmaan, at kapayapaan. In Lawanen 2: Mga alaala ng pagkubkob, mga haraya ng pag-igpaw.
Lazo, R. (2010). Feminist literary criticism on selected works of Filipino women writers (Masteradong Tesis, De La Salle University).
Liones, M. A. (2018). Kababaihan sa lunan ng krisis: Ang sekswal na karahasan bilang sandata sa panahon ng armadong tunggalian sa Mindanao [Tesis, University of the Philippines Diliman/University of the Philippines Mindanao].
Macaraya, B. (1996). Maranao culture and tradition. Mindanao State University Press.
Madale, A. J. (1997). The Maranao. New Day Publishers.
Noor, H. (2018). Socio-economic impacts of the Marawi siege on displaced families and the resilience of Meranaw entrepreneurs.
Magna Carta of Women (Republic Act No. 9710). https://pcw.gov.ph/magna-carta-of-women/
Pandapatan, A. (2025). (De)construction of women's images in select literary pieces of (her)stories in Southeast Asia. Passage, 13(1), 43-61. https://doi.org/10.17509/psg.v13i1.80082
Tiamson-Rubin, C. (2003). Kababaihan at kapangyarihan: Mga perspektiba sa women empowerment. Sentro ng Kababaihan Studies.
United Nations Women. (2015). Preventing conflict, transforming justice, securing the peace: A global study on the implementation of United Nations Security Council Resolution 1325. UN Women.

CC BY